ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KARANASAN NG MGA GURO SA PAGGAMIT NG METAKOGNITIBONG PAGBASA SA PAGTUTURO NG FILIPINO: ISANG PENOMENOLOHIYANG PAG-AARAL

**Ansar D. Amiang, Maed-Edad, Matell, Maed-Fil.[1], Diza M. Rolida, Ed.D.[2]**
*[1]ORCID No. 0009-0003-9289-4645*
*Master Teacher I, Mayo National High School, Mayo, City of Mati, Davao Oriental, Philippines*
*[2]ORCID No. 0009-0001-1751-7167*
*Quality Management Director, St. Mary's College of Tagum, Inc., Tagum City, Davao del Norte Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra16298**
**DOI No: 10.36713/epra16298**

## ABSTRAK

*Ang layunin ng penomenolohiyang pananaliksik na ito ay matukoy at magalugad ang karanasan ng labing-apat (14) na mga guro ng Senior High School sa pampublikong paaralan ng Hilagang Mati, Sangay ng Lungsod ng Mati, Davao Oriental sa paggamit sa metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino. Dagdag pa, ito ay inasahang makapagbibigay tugon sa mga hamong naranasan ng kaguruan. Ang mga naging partisipante sa penomenolohikal na pag-aaral na ito ay pinili gamit ang purposive sampling. Ang mga tugon ay nakalap gamit ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan. Ito ay sinuri gamit ang tematikong pag-aanalisa. Ang mga nasuring pahayag tungkol sa karanasan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa ay: kakulangan sa kasanayan sa metakognitibong pagpapabasa; kakulangan sa kaalaman sa pagpapabasa; kahirapan sa pag-unawa sa tekstong binasa; kahinaan sa kasanayan sa pagpapakahulugan; at kakulangan ng tekstong babasahin. Tungkol naman sa tanong kung paano hinarap ang mga hamon na naranasan, ang mga nabuong tema ay: pagsagawa ng ebalwasyon sa pagbasa; paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa; pagkuha sa interes ng mambabasa; pagpapaunlad ng bokabularyo; at paghahanap ng mga tekstong babasahin. Ang mga pangunahing tema na: magkaroon ng plano sa pagbasa; magkaroon ng sapat na kaalaman sa paggamit ng metakognitibong pagbasa; matukoy ang kakayahan sa pagpapabasa; mahimok ang interes sa pagbabasa; maipagpatuloy ang paggamit ng metakognitibong pagbasa; at magkaroon ng angkop at sapat na tekstong babasahin ay mga lumitaw na tema tungkol sa posibleng implikasyon sa karanasan ng mga guro. Mahalaga ang pananaliksik na ito sapagkat matutulungan ang kaguruan kung paano at ano ang akmang pamamaraan ng paggamit ng metakognitibong pagbasa bilang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.*

**MGA SUSING SALITA:** *karanasan, guro sa senior high school, metakognitibong pagbasa, pagtuturo, asignaturang Filipino, penomenolohiya, Sangay ng Lungsod ng Mati*

## INTRODUKSIYON

Ang pagbasa ay napakahalagang kasanayan sa larangan ng edukasyon. Ang paggamit ng tamang estratehiya sa pagbasa ay may malaking epekto sa pag-unawa sa tekstong binabasa. Isa ang metakognitibong pagbasa na ginagamit upang maunawaan at maanalisa ng tama ang mga konsepto sa isang artikulo. Ngunit, may mga suliraning kinakaharap ang kaguruan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino. Mapapansin dito ang hindi tamang pamamaraan dahil hindi sapat ang kakayahan at kaalaman; hindi akma sa lebel ng mag-aaral kaya, nagdudulot ito ng kamalian o hindi tamang pagkaintindi sa mga ideya at detalye sa tekstong binasa.

Sa Asya, marami ang tumatalakay sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo. Sa Vietnam, maraming nahihirapan paano matamo ang kahusayan sa metakognitibong pagbasa dahil sa kakulangan ng kakayahan paano ipaunawa ang mga teksto. Ang pagkakaroon ng kakulangan sa bokabularyo, leksikal at sintaktikong kaalaman, kulang sa kasanayan sa pagbabasa at motibasyon sa loob ng klase ang mga nakikitang dahilan (Thuy, 2020).

Sa Malaysia, hindi gaanong binibigyang-pansin ang pagtuturo sa pagbasa. Lumabas na may mga guro na gumagamit ng metakognitibong pagbasa ngunit walang tiyak na pamamaraan paano ito gamitin. Dagdag pa rito, ang mga guro ay may kakulangan sa kaalaman, walang istandardisadong instrumentasyon at espesipikasyon sa paggamit ng metakognitinong pagbasa (Babashamasi, Kotamjani & Noordin, 2022). Sa bansang Cyprus naman, nahihirapan ang kaguruan sa magkakaibang pamamaraan ng paggamit ang metakognitibong pagbasa dahil hindi rin alam ang mga estratehiyang ginagamit sa

klase kaya nawawalan ng motibasyon sa pagbabasa ang mga mag-aaral (Khellab et al., 2022).

Sa Pilipinas, batay sa resulta na ipinalabas ng *Program for International Student Assessment (PISA)* sa taong 2018, ang bansa ay nasa ika pitumpo't pitong posisiyon sa larangan ng pagbasa. Masasabing dulot ito ng mababang antas sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa dahil hindi naaayon ang estratehiyang ginamit sa pagbasa (Villanueva, 2022). Sa Lungsod ng Tuguegarao, nakikitang suliranin ang kawalan ng interes at pagpapahalaga sa pagbasa at pag-unawa at dulot nito ay ang mababang pagkaintindi ng mag-aaral sa tekstong binabasa (Lagat, 2021).

Bilang karagdagan, sa Batanes, lumabas na ang kakayahang pagbasa ay nasa pinakamababang antas sa isinagawang *National Achievement Test (NAT)*. Sinasabing ang kakapusan sa pag-unawa at interes sa pagbasa ang siyang nakikitang dahilan ng pagkakaroon ng mababang resulta. Kaugnay nito, ang hindi wastong estratehiya sa pagtuturo ay nagreresulta rin ng hindi mataas na pag-unlad sa kaalaman ng mga mag-aaral lalo na sa pagbasa (Daguay-James & Bulusan, 2020).

Sa Sangay ng Lungsod ng Mati, partikular sa Hilagang Mati, napag-alamang ang mga gurong nagtuturo ng mga kursong tumatalakay sa Filipino ay halos lahat hindi medyor sa Filipino. Batay sa aking personal na obserbasyon, nakitaan ng kakulangan sa kaalaman sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo. Nakita ang mababang interes sa paggamit dahil hindi sapat ang kaalaman upang gamitin ito sa pagtuturo. Dagdag pa rito, nahirapan ang kaguruan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa klase dahil sa mababang interes sa pagbabasa sa mga akdang nasa wikang Filipino. Nariyan din ang pagkakaroon ng kalituhan sa paggamit ng bawat salita o pagbuo ng pangungusap, maling baybay, mababang komprehensiyon, at kakulangan sa semantikong pag-unawa.

Pinatutunayan ang mga sitwasyong nabanggit sa itaas sa isang pag-aaral sa Indonesia kung saan ang pagbasa ay isa sa mga hindi umuunlad na kakayahang panglingguwistiko. Ito ay dulot ng kakulangan sa karanasan sa pagkatuto paano bumasa bunga ng hindi wastong pagtuturo sa pagbabasa. Dahil dito, ang kognitibo at metakognitong kakayahan sa pagbasa ay hindi umuunlad (Wikandari, 2020). Maihahalintulad ito sa lungsod ng Dagupan kung saan nalaman na ang mag-aaral ay hindi mataas ang kakayahang umintindi sa teksto gamit ang estratehiya na pagbasang may pag-unawa. Sa nakuhang mababang pag-unawa, nangangahulugang kulang sa kaalaman sa semantika at limitado ang pagpapakahulugan sa mga salita (Perez, 2019).

Kaya, nangangailangan ito ng agarang pag-aaral upang mabigyan ng kasagutan ang nabanggit na mga suliranin sa itaas. Kailangang maging wasto at higit sa lahat ay magkaroon ng sapat na kaalaman ang kaguruan paano gamitin ang metakognitibong pagbasa bilang estratehiya sa patuturo ng Filipino. Kailangan ding makapagsagawa ng pananaliksik upang mabigyang-solusyon ang mga hamong kinakaharap ng kaguruan sa Filipino sa Hilagang Mati, Sangay ng Lungsod ng Mati habang ginagamit ang metakognitibong pagbasa sa bawat talakayan sa asignaturang Filipino.

Sa pagsisiyasat na ito, magiging makabuluhan ang makukuhang impormasyon sa pagpapataas sa antas ng kasanayan at kakayahan ng kaguruan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa habang nagtuturo ng Filipino. Ang mag-aaral ay mabibigyan din ng sapat na kasanayan at kakayahan na unawain ang mga nangyayari sa lipunan.

Sa lipunan, ang resulta ng pananaliksik ay magsisilbing kasagutan o tugon sa mga suliraning kinakaharap patungkol sa kakayahan sa pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagbabahagi sa pagpupulong ng barangay, mailalahad ang mga estratehiya at pamamaran sa metakognitibong pagbabasa. Sa paraang ito, mas mauunawaan ang mga pangyayari o ang mga isyung nagaganap sa lipunan. Kaya, kinakailangang maging wasto at higit sa lahat ay magkaroon ng sapat na kaalaman ang mamamayan paano gawin ang metakognitibong pagbabasa. Sa ganitong sitwasyon, mas mapadadali at mas lalong makasasabay na unawain ang mga napapanahong pangyayari sa komunidad.

Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay ibabahagi o ipepresenta sa pamamagitan ng pagsali sa nasyonal o maging sa internasyonal na kumperensiya ng pananaliksik. Sa paraang ito, makakukuha ng mas malawak na mambabasa. Sa pamamagitan din nito, ang pag-aaral na ito ay magsisilbing halimbawa, batayan at maaaring maging kaugnay na literatura sa pandaigdigang lebel ng pananaliksik na tumatalakay sa metakognitibong pagbasa.

**Layunin Ng Pananaliksik**

Layunin ng penomenolohiyang pananaliksik na ito ay matukoy at magalugad ang karanasan ng mga guro sa paggamit sa metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino sa Hilagang Mati, Dibisyon ng Lungsod ng Mati. Dagdag pa, ang ginawang pananaliksik ay inasahang makapagbibigay tugon at solusyon sa mga hamong naranasan ng kaguruan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtalakay ng mga aralin sa asignaturang Filipino.

Sa puntong ito ng pananaliksik, ang metakognitibong pagbasa ay nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan at kakayahan sa pag-unawa ng mga tekstong Filipino na pinapabasa ng mga guro sa mga mag-aaral. Ito rin ay ang pagkakaroon ng mataas na kasanayang pampag-iisip na kinapapalooban ng aktibong pagkontrol sa mga prosesong kognitibo sa pagkatuto.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino?

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

2. Paano nalampasan o hinarap ng mga guro ang mga hamon sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino?
3. Ano ang posibleng implikasyon sa mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino?

## METODOLOHIYA

Ang kwalitatibong penomenolohikal na disenyo ang ginamit sa pananaliksik upang malaman at galugarin ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa asignaturang Filipino. Gamit ang kwalitibong pag-aaral, ang naging pokus ay mga buhay na karanasan kaguruan sa Hilagang Mati, Sangay ng Lungsod ng Mati. Dagdag pa rito, nilayon ng pag-aaral na ilarawan at ihayag ang mga tiyak na karanasan ng kaguruan na gumagamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino.

Ang mga partisipante sa penomenolohikal na pag-aaral na ito ay labing-apat (14) na mga gurong nagtuturo ng Senior High School sa pampublikong paaralan ng distrito ng Hilagang Mati, Sangay ng Lungsod ng Mati, Davao Oriental. Ang mga nasabing guro ay nagmula sa sampung (10) paaralan na pawang mula sa distrito ng Hilagang Mati na may mga karanasan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino. Sa kabilang dako, para maisakatuparan ang penomenolohikal na kwalitatibong pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang malalimang pakikipanayam na may pitong (7) indibidwal na partisipante at pokus na pangkatang talakayan na may pitong (7) miyembro bilang mga partisipante. Ang labing-apat (14) na naging partisipante sa penomenolohikal na pananaliksik na ito ay pinili gamit ang purposive sampling.

Bilang karagdagan, sa pag-aaral na ito, ang mga partisipante ay pinili ayon sa sumusunod na krayterya: 1) dapat nagtuturo ng Senior High School sa pampublikong paaralan ng Hilagang Mati, Sangay ng Lungsod ng Mati aytem man o hindi pa; (2) dapat isang guro na may karanasan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; (3) dapat isang gurong nagtuturo sa Taunang Panuruan ng 2023 - 2024; at (4) dapat ay babae o lalaki na bago o matagal nang nagtuturo. Sa kabilang dako, hindi kasali sa pag-aaral na ito ang: 1) mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Junior High School at kolehiyo; (2) mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Senior High School mula sa pampribadong paaralan; (3) mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Senior High School na hindi galing sa distrito ng Hilagang Mati; at (4) mga guro ng Filipino na hindi nagtuturo sa Taunang Panuruan 2023 - 2024.

Bukod dito, ang datos mula sa panayam ay sumailalim sa tematikong pag-aanalisa, isang fleksibol na pamamaraan sa kwalitatibong pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ang tematikong interpretasyon ay ginamit upang unawain ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino. Ang pag-aanalisa ay binase sa mga sagot ng mga kalahok, kung saan ang mga datos ay iniorganisa, pinaghiwalay, at pinag-aralan nang mabusisi. Ginamit din ang coding para sa pag-uuri at pagkakategorya ng mga tugon ng mga kalahok. Sa pagtatapos, isinulat ang resulta at ipinakita sa isang talahanayan para sa masusing pag-aaral. Ang etikal na konsiderasyon ay naging bahagi rin ng proseso upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga kalahok.

## MGA RESULTA

**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Tungkol sa Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa sa Pagtuturo ng Filipino**

Sa pagsusuri sa mga tugon ng mga partisipante sa unang tanong, isa-isang inilahad ang mga karanasan sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga nasuring pahayag mula sa mga tugon ng mga partisipante ay nakabuo ng sumusunod na tema: (1) kakulangan sa kasanayan sa metakognitibong pagpapabasa; (2) kakulangan sa kaalaman sa pagpapabasa; (3) kahirapan sa pag-unawa sa tekstong binasa; (4) kahinaan sa kasanayan sa pagpapakahulugan; at (5) kakulangan ng mga tekstong babasahin.

**Talahanayan 1**
**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Tungkol sa Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa sa Pagtuturo ng Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Idea |
|---|---|
| Kakulangan sa Kasanayan sa Metakognitibong Pagpapabasa | • Kakulangan sa kakayahan na ipaunawa ang teksto<br>• Kakulangan sa bokabularyo<br>• Kawilihan sa paggamit ng wikang Ingles<br>• Kakulangan sa kaalaman sa pagbasa<br>• Kawalan ng pagbibigay-pansin sa pagbasa<br>• Walang katiyakan sa estratehiyang ginamit sa pagbasa<br>• Kawalan ng kaalaman sa pag-unawa sa binasa. |

| | |
|---|---|
| Kakulangan sa Kaalaman sa Pagpapabasa | • Kawalan ng kaalaman sa makabagong pamamaraan ng pagpapabasa<br>• Kakulangan ng kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino<br>• Kahirapan sa pagpili ng pamamaraang ilalapat sa pagpapabasa<br>• Kawalan ng kasanayan sa pagpapakahulugan ng binasa |
| Kahirapan sa Pag-unawa sa Tekstong Binasa | • Kahirapan sa mga komplikadong salita<br>• Kahirapan sa pag-unawa sa binasang teksto<br>• Kahirapan sa pag-oorganisa sa naunawaan sa binasa<br>• Kakulangan sa kasanayan sa pagbabasa |
| Kahinaan sa Kasanayan sa Pagpapakahulugan | • Kahinaan sa kasanayan sap ag-unawa<br>• Walang sapat na kaalaman sa pagpapakahulugan<br>• Kahinaan sa pagtukoy sa mga binasang impormasyon<br>• Kawalan ng pagkakataong magamit ang wastong estratehiya sa pagpapabasa |
| Kakulangan ng mga Tekstong Babasahin | • Walang sapat na mapagkukunan ng materyal sa pagbasa<br>• Walang bagong materyal sa pagbasa lalo na ang Filipino<br>• Walang aklat o materyal at mga tekstong babasahin<br>• Walang mga aklat na maipagagamit sa pagbabasa<br>• Hindi sapat ang materyal sa pagbasa ang paaralan<br>• Hindi na ginagamit ang mga aklat sa pagbabasa |

**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Kung Paano Nalampasan o Hinarap ng mga Guro ang mga Hamon Hinggil sa Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa sa Pagtuturo ng Filipino**

Sinuri ang mga datos mula sa mga kasagutan ng mga kalahok sa ikalawang tanong na paano nalampasan o hinarap ng kaguruan ang mga hamon sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino. Sa ginawang pagsusuri, ginamit pa rin ang tematikong pag-aanalisa. Matapos masuri, tiniyak na ang mga datos ay wasto at tugma sa mga kasagutan ng mga partisipante.

Lumabas ang iba't ibang estratehiya kung paano nila nalampasan o hinarap ang mga pagsubok sa paggamit ng naturang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Magkakatulad ang mga kasagutan ng mga gurong-partisipante ayon sa kanilang mga ibinahaging karanasan.

Sa pagsuri sa mga pahayag ng mga partisipante, ang sumusunod na tema ay nabuo: (1) pagsagawa ng ebalwasyon sa pagbasa; (2) paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa; (3) pagkuha sa interes ng mambabasa; (4) pagpapaunlad ng bokabularyo; at (5) paghahanap ng mga tekstong babasahin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Kung Paano Nalampasan o Hinarap ng mga Guro ang mga Hamon sa Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa sa Pagtuturo ng Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Idea |
|---|---|
| Pagsagawa ng Ebalwasyon sa Pagbasa | • Pagbigay-puna matapos ang pagbabasa<br>• Pagsuri sa pag-unawa sa pamamagitan ng ebalwasyon.<br>• Pagbigay pagtataya upang tukuyin ang antas ng pagbabasa<br>• Pagtukoy sa kakayahan bago magpabasa<br>• Paggawad ng gantimpala sa may mataas ang pag-unlad sa pagbabasa |
| Paggamit ng iba't ibang Estratehiya sa Pagbasa | • Paggamit ng ilustrasyon para ipakita ang kabuoan ng kuwento<br>• Pagpasagot sa mga katanungan matapos magbasa<br>• Pagpabasa ng teksto sa tahimik na paraan<br>• Pagkaroon ng layunin, iskema at damdamin sa pagbasa<br>• Pagpabasa sa tulong ng magaling na estudyante |
| Pagkuha sa Interes ng Mambabasa | • Pagkaroon ng koneksiyon ng binabasa sa karanasan ng mambabasa<br>• Pag-alam sa estado ng mag-aaral bago magpabasa<br>• Pagbatay sa hilig at interes ng mga mag-aaral<br>• Paggamit ng mga tekstong pupukaw sa kamalayan ng mambabasa<br>• Paggamit ng teknolohiya sa pababasa<br>• Pagbigay-atensiyon sa mga mambabasa<br>• Pagbigay-puntos kapag maraming teksto ang nabasa |
| Pagpapaunlad ng Bokabularyo | • Pagbigay-kahulugan sa mga salitang ginamit sa teksto<br>• Pagbigkas nang tama sa mga salitang ginamit sa akda<br>• Pagpapabaybay sa mga salitang ginamit sa teksto<br>• Pagbigay ng *clue* paano ginamit sa konteksto ang mga salita<br>• Paghawan ng sagabal sa pamamagitan ng pagbibigay kahulugan |
| Paghahanap ng mga Tekstong Babasahin | • Pagkuha ng mga tekstong babasahin sa mga lumang aklat<br>• Pagsaliksik ng mga tekstong babasahin sa *internet* o *online*<br>• Pagbili ng mga mapagkukunan ng mga tekstong babasahin<br>• Pagsangguni sa silid-aklatan ng mga tekstong babasahin<br>• Paggamit ng *multimedia* na kagamitan sa pagpapabasa |

**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Tungkol sa mga Posibleng Implikasyon sa mga Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa sa Pagtuturo ng Filipino**

Matapos masuri ang mga datos mula sa mga tugon ng mga partisipante sa ikatlong tanong na ano ang posibleng implikasyon sa mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino, isa-isang natukoy ang mga pangunahing idea.

Ang mga sinuring pahayag at mga kasagutan ng mga partisipante ay nakabuo ng mga pangunahing tema na: (1) magkaroon ng plano sa pagbasa; (2) magkaroon ng sapat na kaalaman sa paggamit ng metakognitibong pagbasa; (3) matukoy ang kakayahan sa pagpapabasa; (4) mahimok ang interes sa pagbabasa; (5) maipagpatuloy ang paggamit ng metakognitibong pagbasa; at (6) magkaroon ng angkop at sapat na mga tekstong babasahin.

**Talahanayan 3**
**Mga Pangunahing Tema at mga Idea Tungkol sa mga Posibleng Implikasyon sa mga Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa sa Pagtuturo ng Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Idea |
|---|---|
| Magkaroon ng Plano sa Pagbasa | • Magkaroon ng mga plano sa pagpapabasa<br>• Maging handa at may mga alternatibong gawain<br>• Tumugon sa layunin ng metakognitibong pagbasa<br>• Matutong pamahalaan ang oras sa pagbabasa |
| Magkaroon ng Sapat na Kaalaman sa Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa | • May sapat na kaalaman sa pagbabasa gamit ang metakognitibong pagbasa<br>• Alam paano matukoy o maintindihan ng mga mag-aaral ang binasa gamit ang metakognitibong pagbasa<br>• May hangarin na makapagbigay ng sagot at tugon sa problema gamit ang metakognitibong pagbasa<br>• Alam ang proseso bago at pagkatapos metakognitibong pagbasa<br>• Maging pursigido na makahanap ng paraan sa metakognitibong pagbasa |
| Matukoy ang Kakayahan sa Pagpapabasa | • Masuri at matukoy ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbabasa<br>• Magsagawa ng pagtataya upang masukat ang kakayahan sa pagbabasa<br>• Gamiting batayan ang mga resulta ng pagtataya sa pagbasa<br>• Mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa |
| Mahimok ang Interes sa Pagbabasa | • May mga tekstong babasahin na nakaeengganyo<br>• Bigyang-pansin ang kakayahan at hilig ng mag-aaral<br>• May maraming estratehiya ang gagamitin upang maging aktibo ang pagbabasa<br>• Bigyan ng mga gawain na makapagbahagi ng kanilang idea<br>• Kakitaan ng kolaboratibong pagbabasa |
| | • Maipaunawa ang teksto sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng metakognitibong pagbasa |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Maipagpatuloy ang Paggamit ng Metakognitibong Pagbasa | • Huwag mawalan ng pag-asa kapag hindi agad nakamit ang inaasahan gamit ang metakognitibong pagbasa<br>• Habaan ang pasensya sa metakognitibong pagbabasa<br>• Paunlarin ang kakayahan at paraan sa metakognitibong pagpapabasa<br>• Makasali sa pagsasanay sa metakognitibong pagbasa ang mga guro |
| Magkaroon ng Angkop at Sapat na mgaTekstong Babasahin | • May maraming babasahing teksto na madaling unawain<br>• May mga babasahin na kontekstuwalisado<br>• May malinaw na mga tekstong gagamitin sa pagbasa<br>• May mga tekstong babasahin na naglalaman ng mga impormasyon<br>• Isinasaalang-alang ang mga babasahin na angkop sa metakognitibong pagbabasa<br>• Mapamaraan sa paggamit ng tekstong babasahin. |

**Pangwakas na Pahayag**

Bilang isang guro, ang pagtuturo ay nangangailangan ng sapat na kaalaman, pagpaplano, at epektibong estratehiya. Ang pagsasagawa ng pananaliksik ay nagbigay sa akin ng pagkakataon na masuri ang aking kakayahan at kahinaan sa larangan ng pananaliksik. Sa kabila ng mga hamon na aking hinaharap, nagkaroon ako ng positibong pananaw sa kahalagahan ng pagpapayabong sa kakayahan at kasanayan sa pagbasa, partikular sa asignaturang Filipino.

Matapos galugarin ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa, natuklasan ko ang mga kahirapan at hamon sa pagpapatupad nito. Sa pamamagitan ng pag-aaral, naging malinaw sa akin ang kahalagahan ng wikang Filipino at ang pagtangkilik dito ay mahalaga para sa pagpapalago ng pagkakakilanlan at ugnayan sa sariling wika.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay magsisilbing inspirasyon sa akin upang ipagpatuloy ang aking paglalakbay bilang tagapagturo. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng positibong pananaw, pagtitiwala sa sarili, at patuloy na pagsusumikap, naniniwala ako na magtatagumpay ako sa aking mga layunin sa larangan ng edukasyon at pagpapalaganap ng wikang Filipino.

## REKOMENDASYON

Ang mga temang nabanggit sa aking pananaliksik ay may mahalagang implikasyon sa pang-araw-araw na pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas ng senior high school. Natukoy ang mga kahirapan ng mga guro sa paggamit ng estratehiyang metakognitibo sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa ng kanilang mga mag-aaral. Mahalaga na ang mga guro ay may sapat na kaalaman at kakayahan sa paggamit ng mga estratehiya sa pagbabasa upang mabawasan ang mga hamon sa pagtuturo.

Kailangan din ng mga guro na kilalanin ang kanilang mga mag-aaral, kasama na ang kanilang kakayahan at interes sa pagbabasa. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pangangailangan ng bawat mag-aaral, mas magiging epektibo ang pagpili at paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng sapat at angkop na mga tekstong babasahin upang mapanatili ang interes at pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Dagdag pa, mahalaga ang positibong pananaw ng mga guro sa patuloy na paggamit ng metakognitibong pagbasa bilang estratehiya sa pagtuturo. Ito ay magbibigay ng inspirasyon at pagpapalakas sa kanilang loob upang harapin ang mga hamon at patuloy na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng Filipino.

Sa huli, inirerekomenda na magpatuloy ang mga mananaliksik sa pag-aaral at pagsusuri sa mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa. Ang mga resulta ng mga pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing pundasyon para sa mas pinalalim na pag-unawa at pagpapaunlad ng estratehiyang ito sa pagtuturo ng Filipino.

## TALASANGGUNIAN

1. *Babashamasi, P., Kotamjani, S. S., & Noordin, N. B. (2022). The effect of explicit training of Metacognitive reading strategies on online reading comprehension. https://doi.org/10.31235/osf.io/3b84s.*
2. *Daguay-James, H., & Bulusan, F. (2020). Metacognitive strategies on reading english texts of ESL Freshmen: a sequential explanatory mixed design. Journal of English Language Teaching and Applied Linguistics. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1257215.pdf.*
3. *Khellab, F., Demirel, Ö., & Mohammadzadeh, B. (2023). Effect of teaching Metacognitive reading strategies on reading comprehension of engineering students. SAGE Open, 12(4),*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*215824402211380. https://doi.org/10.1177/21582440221138 069.*

4. *Lagat, S. B. (2021). Guided reading-thinking (ppp): a method for teaching asian literature. Reading. https://www.ijase.org/index.php/ijase/article/view/71*
5. *Perez, H. (2019). Pagpapaunlad Sa Kakayahan Sa Maunawang Pagbasa Ng Mga Mag Aaral Sa Grade 8 Sa Pamamagitan Ng Estratehyangsama-Samang Pagkatuto. https://depedro1.com/wp-content/uploads/2019/02/Herbert-Perez.pdf*
6. *Thuy, N. T. (2020). Metacognitive awareness of using reading strategies by TESOL postgraduates' intakes 11 and 12 at Ho Chi Minh City Open University. Theory and Practice in Language Studies, 10(2), 157. https://doi.org/10.17507/tpls.1002.03.*
7. *Villanueva, J. M. (2022). Language profile, metacognitive reading strategies, and reading comprehension performance among college students. Cogent Education, 9(1). https://doi.org/10.1080/2331186x.2022.2061 683.*
8. *Wikandari, Y. D. (2020). Metacognitive Reading Strategies, Motivation, And Understanding Performa Reading of EFL Learners. EDUTEC : Journal of Education And Technology,, 4(2), 289-306 https://ejournal.ijshs.org/index.php/edu/article/view/145.*